# Mga Katanungan ukol sa Karahasan sa Tahanan (Domestic Violence)DV (Gifu Prefectural Children and Family Division)

**＜Q1＞**

**Saan ako dapat humingi ng payo kung nakakaranas ako ng Domestic Violence (Karahasan sa Tahanan) mula sa aking asawa o kapareha?**

**＜A1＞**

Mangyaring makipag-ugnayan sa pinakamalapit na istasyon ng pulisya, Women's Counseling Center, o Prefectural Office Welfare Division. Maaari ring sumangguni sa iyong lokal na munisipalidad.

【Women's Counseling Center】

Numero ng Telepono：058-213-2131

Araw-araw　　9:00～24:00

※Domestic Violence (DV) Consultation lamang　Araw-araw　18:00～24:00 kasama ang Sabado・Linggo・Pista Opisyal・Year-end at New Year

Face to Face Consultation：Lunes hanggang Biyernes　9:00～17:00　　※hindi kasali ang Year-end at New Year

**＜Q2＞**

**Ano ang nararapat na gawin upang hindi makalapit ang taong nagsagawa ng pang-aabuso?**

**＜A2＞**

Kapag may panganib ng malubhang pinsala sa buhay o katawan ng biktima dahil sa “physical violence” ng asawa, ang korte ng distrito ay maaaring maglabas ng utos ng “protection order” sa asawa sa petisyon ng biktima laban sa asawa.

Tungkol sa paraan ng petisyon , ang Women's Counseling Center, Welfare Division ng Prefectural Promotion Bureau at maging sa Welfare Division ng Munisipalidad na iyong tinitirahan ay magtuturo ng paraan . Ang mga sumusunod ay ang mga iba`t ibang uri ng Protection Orders:

① Kautusan na Nagbabawal sa Paglapit sa Biktima (Pagbabawal sa pag-aaligid sa biktima sa itinakdang panahon : higit-kumulang na 6 na buwang taning ng panahon)

② Kautusan na Nagbabawal sa Pagtawag sa telepono atbp. (Pagbabawal sa pagtawag sa biktima sa itinakdang panahon :higit-kumulang na 6 na buwang taning na panahon)

③ Kautusan na Nagbabawal sa Paglapit sa Anak at Kamag-anak ng Biktima, atbp. sa itinakdang panahon. (Pagbabawal sa pag-aaligid sa kinakasamang anak at kamag-anak, atbp. ng biktima sa itinakdang panahon: higit-kumulang na 6 na buwang taning na panahon)

④ Kautusan na Lisanin ang Pamamahay （Nag-uutos na lisanin ng asawang nagsagawa ng karahasan ang tinitirahang bahay na naging pundasyon ng pamumuhay kasama ang biktima sa itinakdang panahon: higit-kumulang na 2 buwang taning na panahon）

**＜Q3＞**

**Ano ang maaaring gawin kung sakaling hindi maaaring makausap ng maayos tungkol sa diborsyo?**

**＜A3＞**

Una, mangyaring sumangguni sa Women's Counseling Center, ang munisipyo kung saan ka nakatira, o ang Employment and Independence Support Center para sa mga pamilyang nag-iisang magulang. Namimigay ng impormasyon tungkol sa libreng legal na pagpapayo. Kung ang Status of Residence ay "Spouse, etc. ng Japanese National," hindi na siya magiging "Spouse, etc. ng Japanese National" pagkatapos ng diborsyo, at kakailanganing baguhin ang kanyang Status of Residence.

**＜Q4＞**

**Mayroon bang Privacy Protection?**

**＜A4＞**

Ang mga katotohanang natutunan kapag tumatanggap ng suporta o konsultasyon, ang impormasyon tulad ng kinaroroonan ng biktima ay hindi isisiwalat sa mga ikatlong partido. Poprotektahan ang iyong privacy.